## Kuwento 6 : Ang lalaking paralitiko

Talata sa Bibliya [Lucas 5:24b]

**Sinabi niya sa paralitiko, "Sinasabi ko sa iyo, bumangon ka, buhatin mo ang iyong higaan, at umuwi ka."**

Ang lahat ng tao sa Israel ay narinig ang tunkol sa pagpapagaling ni Hesus sa mga sakit, kung kaya't kung nasaan si Hesus ay naroon din nagtitipon ang mga tao. Isang araw, si Hesus ay nagpunta sa maliit na bayan na tinatawag na Capernahum. Sa Capernaum, ay mayroon naninirahang paralitiko na hindi makalakad at hindi makakain ng maayos.
Kaya naman ang mga kaibigan ng paralitiko ay nagdesisyon na dalhin ang kanilang paralitikong kaibigan kay Hesus.
Ang kanyang mga kaibigan ay gumawa ng higaan mula sa kahoy at makakapal na tela.
Ginamit nila ang buong lakas upang mabuhat nila ang kanilang kaibigan papunta kung nasaan si Hesus..
Pero maraming tao ang nag aabang para makita si Hesus na halos wala ng natitirang espasyo kaya naman imposible na makapasok sila sa pinto. Kung mayroon lamang silang pakpak, sila ay lumipad na lang papasok pero sayang...
Ang kanyang mga kaibigan ay umakyat sa bubong ng bahay kung nasaan si Hesus at sila ay nagsimulang gumawa ng butas doon! Ang lahat ng naroon sa bahay ay gulat na nakatingin sa bubong.
At ang mga kaibigan niya ay sinimulang magtali ng lubid sa higaan at ibinaba nila ang paralitiko patungo kung nasaan si Hesus
At kaya't ang paralitikong lalaki ay nakalakad na papalapit kay Hesus
Nakita ni Hesus ang pananampalatay ng mga kaibigan ng paralitiko at pinuri niya sila. Sinabi niya sa paralitiko "Anak, ang iyong kasalanan ay pinatawad na. Ngayon tumayo ka at dalhin mo ang iyong higaan sa iyong tahanan!" Nang matapos ng magsalita si Hesus, ang lalaking hindi maka kilos ay bigla na lamang tumayo at nagpasalamat kay Hesus. Ang paralitiko ay nag puri at nagbigay luwalhati sa Diyos. Dinala niya ang kaniyang higaan at ummuwi sa kanilang tahanan. Ang lahat ng nakakita nito ay namangha at sila ay nag puri sa Diyos.



**Gawain 1.** Isulat ang T kung tama at F kung mali.

| | DESCRIPTION | T | F |
|---|---|---|---|
| 1 | Narinig ng lahat ng mga taga-Ehipto na pinagaling ni Hesus ang mga maysakit. | | |
| 2 | Dumating si Hesus sa Capernaum. | | |
| 3 | Isang paralitiko ang nakatira sa Capernaum. | | |
| 4 | Nagtayo ng wheelchair ang mga kaibigan ng paralitiko. | | |
| 5 | Nakita ni Hesus ang pananampalataya ng paralitiko at ng kanyang mga kai bigan, kaya pinagaling niya ang paralitiko. | | |

- **Basahin at Isaulo ang talata ng Bibliya. (Lucas 5:24b)**

"Sinasabi ko, bumangon ka. Dalhin mo ang iyong higaan at umuwi na"

**Gawain 2.** Hanapin ang 5 magkakaiba sa sumusunod na mga larawan.



